# MESSAGE

Isang mapagpalang araw po sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining sa inyong pagdiriwang ng Museums and Galleries Month (MGM) 2020.

Napakalaki po ng ipinagbago ng panahon: napakalawak ng epekto ng teknolohiya hindi lang sa ating bansa, kung hindi sa buong mundo. Kaunlaran man ang bitbit nito para sa lahat, minsa'y nagiging daan din ito para makalimot tayo sa ating pinagmulan bilang isang bayan. Kaya't isang malaking responsibilidad ang pasan ng ating mga museo at galerya sa pagpapalalim pang lalo ng ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino: ang mga ito ang nagsisilbing tahanan ng mga impormasyon ukol sa ating kasaysayan at kultura.

Kaya't sa pagdiriwang ng MGM 2020, kami po ay lubos na nakikiisa sa inyong pagsisikap na pagyamanin ang kaalaman ng bawat Pilipino tungkol sa ating pinagmulan, lalo na ang mga sakripisyo ng ating mga ninuno upang marating natin ang buhay na meron tayo ngayon. Ang inyong tema na nakatutok sa pagpasa ng kaalaman sa ating mga kabataan ay tunay na napapanahon: tungkulin nating buksan ang mga mata ng mga susunod na henerasyon sa katotohanan tungkol sa ating pinagdaanan bilang isang bansang may tapang, talino, at naniniwala at nangangalaga sa kalayaan at karapatan ng bawat isa. Kami po ay mapalad na katuwang kayo sa pagkalinga ng kultura at kasaysayan ng ating mahal na Pilipinas.

Maligayang buwan ng wika at kasaysayan! Mabuhay po kayong lahat.

**LENI ROBREDO**

No. 100, 11th St, Barangay Mariana
New Manila, 1112 Quezon City
www.ovp.gov.ph | www.lenirobredo.com